# Balitang Manmin

BILANG 80 MARSO 17, 2013


# Maluwalhati Nawa ang Diyos sa Aming Pagtugtog!

## Ang Ika-21 Anibersaryo ng Nissi Orchestra -ang pinakaunang orchestra sa buong mundo na dalubhasa sa papuri sa Diyos-

1



2



3



4



5



Sinasabi ng mga miyembro ng Nissi Orchestra na sila ang pinakamasasayang tao dahil ang mga pagtatanghal nila ay nagpapakita ng pag-ibig ng Panginoon at pag-asa sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa Langit. 1: 1995 krusada ng pagsasaya, ika-50 Anibersaryo ng Paglaya ng Korea (Yeouido Square) 2: 2003 Pagdiriwang na may Himala sa Rusya ni Dr. Lee 3, 4: Pagtatanghal at Selebrasyon ng Manmin Central Church 5: 'Masayang Konsiyerto' ng Nissi, isang okasyon ng pagbabahagi ng mga kultura

Ang Nissi Orchestra ay binuo para luwalhatiin ang Diyos, at ngayon ay ipinagdiriwang nila ang ika-21 anibersaryo ng pagkakatatag. Nagsimulang tumugtog ang orchestra noong Marso 1, 1992, at mayroong 74 na miyembro kasama na ang tagakumpas. Nabuo ito pagkatapos ng ilang taong pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Batid niya na nalulugod ang Diyos sa mga papuri.

Ang kahulugan ng 'Nissi' ay 'ang PANGINOON ay aking watawat', at dahil sa Kanya tayo ay nagtatagumpay, nakasulat ito sa Exodo 17:15 (KJV). Nakakatulong ang Nissi Orchestra sa pagpapasigla ng mga pagsamba sa mga pagtatanghal nila kasama ng choir. Kasama sila ni Dr. Lee sa mga ministeryo sa ibang bansa tulad ng 2000 Nagoya Miracle Convention sa Japan, krusada ng pagkakaisa sa Pilipinas noong taong 2001, at ang pagdiriwang na may mga himala sa Rusya noong 2003.

Nakapagtanghal na rin ang Nissi Orchestra sa mga pambansang okasyon tulad ng Taunang Pambansang Pulong Panalangin sa Umaga, mga konsiyerto para sa ikabubuti ng samahan ng mga embahada ng mga ibang bansa, at sa pagbubukas ng Korea-Japan Goodwill Match World Cup noong taong 2002. Nag-ambag din ang orchestra sa maraming iba't ibang okasyon ng pagkakaisa na may kinalaman sa Cristianismo tulad ng World Holy Spirit Explosion Crusade noong 1992, nakatulong na din ito sa pagbabahagi ng ebanghelyo at sa pagsulong ng Cristianong kultura. Mayroon na silang mahigit sa isandaang pagtatanghal sa mga ganitong okasyon kasama na dito ang mga konsiyertong pangkawanggawa na pinamunuan ng mga organisayong panlipunan. Ibinabahagi nila ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng mga papuri dito sa bayan at sa ibang bansa.

May natatanging dahilan kung bakit hinahaplos ng mga pagtatanghal nila ang puso ng maraming tao. Ito ay dahil naranasan na mismo ng mga miyembro ang pag-ibig ng Panginoon at ang layunin nila ay ihandog ang mga ito sa ikalulugod ng Diyos. Niluwalhati ng tagakumpas na si Elder Gwanhyung Cho ang Diyos sa sinabi niya, "Noong nagsisimula pa lang ang orchestra, hindi pa gaanong tapat ang pananampalataya ng mga miyembro, pero habang nakikinig sila sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee, natanto nila na dapat nilang mahalin ang Diyos at mabuhay ayon sa kalooban Niya. Dahil dito, naging matatag ang pundasyon ng pananampalataya nila at nakaranas sila ng mas malaking pagpapala ng Diyos. Damang-dama na ngayon ng puso nila ang paghahandog ng mga pagtatanghal nila."

Nakatulong si Diakonesa Jiyoung Lee, Pangulo ng Nissi Orchestra, sa pagkakaisa ng mga miyembro sa pag-ibig nila sa Panginoon. Sinabi niya, "Binago ng Salita ng Diyos ang mga miyembro. Pinagsisilbihan nila ang isa't isa at nagbibigayan. Nagagalak sila kung may mabuting pangyayari sa buhay ng ibang miyembro, at nananalangin sila nang sama-samang kapag nahaharap sa paghihirap ang iba sa kanila. Sa lahat ng bagay, sa bawat oras, nagkakaisa kami sa pag-ibig ng Panginoon." Habang lumalago ang espirituwal na pag-ibig nila, mas lalong naaantig ng mga pagtatanghal nila ang mga miyembro kaya tinatanggap ng Diyos ang pag-ibig nila bilang mabangong samyo. May mga miyembro ang orchestra na naging pastor at ngayon ay pinaglaanan na nila ang pagdadala ng mga kaluluwa sa kaligtasan. Ang ibang miyembro din ay nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos at niluwalhati Siya.

Dahil sa panalangin ni Dr. Lee, gumaling ang calcific tendinitis (namumuong calcium sa mga himaymay na nagkokonekta ng laman sa buto) ni Diakonesa Miyoung Ahn (byolin), si kapatid na Minkyung Lee (marimba at tambol) ay gumaling sa cervical cyst (bukol sa may matris), at si Diakonesa Eunjung Kim (torotot) ay gumaling ang nabaling hinlalaki. Nawala ang sakit sa bato ni Diakonesa Jieun Park (double bass), at si Hyena Jung, anak na babae ni Diakonesa Junga Lee (viola), ay gumaling mula sa impeksyon sa balakang. Nabiyayaan ng anak ang mag-asawang sina Diakono Jaemin Lee (torotot) at Diakonesa Eunsung Kim (double bass).

Umaasang makakapagbigay ng kaluwalhatian sa Diyos ang Nissi Orchestra sa bawat pagtugtog nila. Lumalakas sila sa paghahandog ng mga tugtugin nila sa mga regular na mga pagsamba at pananalangin sa pulong panalanging Daniel. Hindi lang sila umaasa sa mga ensayong sama-sama, bawat isa ay nagnanais na mapagbuti pa ang husay nila sa pagtugtog. Nagdagdag pa sila ng mga miyembro dahil gusto nilang maging malaking orchestra na kilala sa buong mundo. Higit sa lahat, gusto nilang maging isang orchestra na nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos sa hindi mabilang na mga kaluluwa sa mundo sa pangunguna ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na siyang may dala ng watawat ng tagumpay. Nagpapasalamat at niluluwalhati namin ang Diyos na namumuno sa kanila nang may pag-ibig.

# Ang Pag-ibig ay Hindi Maiinggitin o Mapagmalaki

"Ang pag-ibig ay matiisin, at magandang-loob; ang pag-ibig ay hindi maiinggitin, o mapagmalaki o hambog." (1 Mga Taga-Corinto 13:4)

May napakasamang impluwensya sa buhay natin bilang mga Cristiano ang inggit at selos. Kadalasan, hindi tayo naseselos sa mga taong hindi natin kakilala. Naiinggit tayo sa malalapit na kaibigan o sa mga taong kalaban o karibal natin. Halimbawa, kung ang isang tao ay may negosyong restawran, hindi siya magseselos sa isang taong nagtatrabaho sa opisina kahit parangalan pa ito ng kumpanya niya. Pero ninenerniyos at nagseselos siya kung mas maraming kumakain sa isang restawran na naghahain ng mga pagkaing katulad ng inihahain niya.

At ang matinding pagseselos ay nauuwi sa inggit at paggawa ng masama. Ganito rin ang nangyayari sa mga taong mapagmalaki o hambog. Kung gusto ninyong magmalaki at maging sikat, mapapa-away kayo, magkakaroon ng selosan at inggitan.

Paano tayo magkakaroon ng espirituwal na pag-ibig at hindi nagseselos at hindi nagmamalaki?

### 1. Ang Pag-ibig ay hindi maiinggitin

Ang matinding selos ay nauuwi sa inggit sa ibang tao at kung minsan nagiging daan pa ito ng paggawa ng masama sa ibang tao. Kung hindi kayo natutuwa kung may magandang nangyayari sa iba at kung minamahal sila ng mga tao, ibig sabihin nito, nagseselos kayo at naiinggit sa kanila.

Kung may selos at inggit sa puso ninyo, masasaktan ang damdamin ninyo kung makikitang may mas mayayaman o mas may talento kaysa inyo. Kung may kasamahan kayo sa opisina na mabilis tumaas ang posisyon at kayo ay nananatiling mas mababang empleyado, sasama ang loob ninyo, manghihina kayo at mawawalan ng ganang magtrabaho. Ang selos at inggit ay napupunta sa pagkabigo. Kapag ikukumpara ninyo ang sarili ninyo sa ibang tao nang may selos at inggit, mas lalala ang mababang pagtingin ninyo sa sarili ninyo.

Gayon pa man, kung mayroong espirituwal na pag-ibig, maaari kayong magkaroon ng tunay na kagalakan para sa ibang tao. Ang dahilan nito ay sapagkat natutuwa kayo sa magandang nangyayari sa ibang tao na parang sa inyo na rin nangyari ito. Pero kung nanghina ang kalooban ninyo at nawalan kayo ng lakas, nangangahulugan itong wala kayong pag-ibig. Palatandaan ito na 'makasarili' pa rin kayo. Kung gusto ng 'sarili' ninyo na siya lang ang ibigin at kilalanin, mabibigo kayo at magkakaroon ng inggit sa puso ninyo.

Kapag lumala pa ang selos, mauuwi ito sa masasamang salita at mga gawa na nakakasakit sa ibang tao. Ito ay inggit na lumalabas sa mga gawa. Kasama ito sa mga lantad na mga gawa ng laman na nakasulat sa Galacia 5:19-21. Kaya, ibig sabihin nito, mas mahirap maligtas kung mayroong inggit sa puso.

Halimbawa, si Saul, ang unang hari ng Israel, ay naging miserable dahil sa inggit niya kay David. Si David ay isang bayani, iniligtas niya ang bayan niya mula kay Goliat. Si Goliat ang ipinagmamalaki ng mga Filisteo, halos 9'11" ang taas niya at nakasuot siya ng tansong baluti. Siya ang pinakamagaling na mandirigma ng mga Filisteo. Inalipusta niya ang Diyos at ang hukbo ng Israel sa loob ng 40 araw. Pero, walang nagawa si Haring Saul at ang mga hukbo ng Israel dahil nanginginig sila sa takot. Pagkatapos, biglang lumabas si David at pinatay si Goliat na nang insulto sa Diyos sa pamamagitan ng tirador. Sa bandang huli, nagtagumpay ang Israel at minahal ng mga mamamayan si David bilang pambansang bayani.

Hindi nagtagal, ginawang pinuno ni Haring Saul si David ng mga hukbo. Pero may pangyayaring naging dahilan ng pagseselos at inggit ni Saul. Sa pagbalik nila sa bayan pagkatapos ng pakikipagdigma sa mga Filisteo, malugod na tinanggap si David ng hindi mabilang na mga mamamayan ng Israel. Pagkatapos, nakasulat sa 2 Samuel 18:7, may ilang mga babaing nagsi-awit, "Pinatay ni Saul ang kanyang libu-libo, at ni David ang kanyang laksa-laksa." Nang marinig ito ni Saul, napoot siya.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Sinabi niya, "Kanilang iniukol kay David ang laksa-laksa, at ang kanilang iniukol sa akin ay libu-libo; ano pa ang mapapasa-kanya kundi ang kaharian?" Magmula noon minatyagan na niya si David (1 Samuel 18:8-9). Pagkatapos, tinangka niyang patayin ito. Noong nagdurusa si Saul dahil sa masamang espiritu, binato niya ng sibat si David habang tumutugtog ito ng alpa para sa kanya. Pinlano niyang papatay si David sa mga Filisteo at inutusan niya ang pinakamagagaling niyang sundalo na patayin ito. Nagpatuloy ang inggit niya kay David hanggang sa namatay siya sa pakikipaglaban sa mga Filisteo.

Mababasa sa Job 4:8, "Ayon sa aking nakita, ang mga nag-aararo ng kasamaan at naghahasik ng kaguluhan ay gayundin ang inaani." Sinasabi sa Kawikaan 14:30, "Ang tiwasay na puso ay nagbibigay-buhay sa laman, ngunit ang pagnanasa, sa mga buto ay kabulukan." Kung gagawa ka ng masama, babalik sa iyo ito. Maaaring magkaroon kayo ng mga karamdaman at sakuna sa tahanan ninyo o sa mga negosyo. Ang selos at inggit ay makakasama sa sarili natin at nakakasagabal ito sa pagpapabanal natin. Dapat natin itong tanggalin ng lubusan.

### 2. Ang pag-ibig ay hindi mapagmalaki o hambog

Ang pagmamalaki ay pagpapasikat o pagmamayabang ng sarili. Karamihan sa mga tao ay nagiging mayabang kung mas nakakalamang sila sa ibang tao. Ang dahilan nito ay sapagkat gusto nilang pahalagahan at purihin sila ng ibang tao. Hindi nila kayang purihin ang iba. Akala nila, hindi mapapansin ang mga ginagawa nila kung gagawin nila ito kaya namimintas na lang sila. Ang mga pagyayabang na ito ay nauuwi sa mga alitan. Marahil, iniisip ninyo na aangat kayo at papahalagahan kayo kung magyayabang kayo pero ang resulta nito ay kabaliktaran.

Mababasa natin sa 1 Juan 2:15-16, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan. Sapagkat ang lahat ng nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan."

Ang binabanggit na 'pagmamataas sa buhay' dito ay isang ugali ng tao na ipinagmamalaki ang sarili ayon sa mga kasiyahan ng mundo. Ipinagmamayabang ng taong makalaman ang prestihiyoso nilang pamilya, kasikatan, kapangyarihan, mga mamahaling sasakyan, mga bahay, at alahas. May mga nagyayabang din ng pagiging malapit nila sa mga taong may kapangyarihan o mga kilalang personalidad. Ito ay dahil pinapahalagahan nila ang buhay dito sa lupa.

Pero ano ba ang kabuluhan ng pagmamalaki tungkol sa mga bagay na ito? "Anong pakinabang mayroon ang tao sa lahat ng kanyang pagpapagal na kanyang pinagpaguran sa ilalim ng araw?" ito ay ayon sa Eclesiastes 1:2-3. Nakasulat sa Mga Awit 103:15-16, "Tungkol sa tao, ang kanyang mga araw ay parang damo, siya'y lumalagong gaya ng bulaklak sa parang; ito'y dinaanan ng hangin, at ito'y naglaho." Dahil sa pagmamalaki sa mundong ito, hindi tayo magkakaroon ng tunay na halaga at buhay, sa halip, nagiging kaaway tayo ng Diyos at patungo sa kamatayan.

### 3. Ipagmalaki ang Panginoon

Pagkatapos iwaksi ang mga kasinungalingan na nagpapaibig sa atin ng mundo, mawawala na sa atin ang paghahangad na magmayabang at maging mayaman, maluwalhati sa mundo, at maging kilala. Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 1:31, "Ang nagmamalaki ay ipagmalaki ang Panginoon." Sinasabi nitong ipagmalaki natin ang Panginoon para sa kaluwalhatian ng Diyos at hindi para sa mga sarili natin.

Ipinapayo na ipagmalaki ang tungkol sa krus ng Panginoon nating Tagapagligtas, ikwento ang tungkol sa pagpapalang bigay ng Diyos, at magpatotoo tungkol sa mga tinanggap na mga kasagutan. Ito ay dahil ang mga bagay na ito ay luluwalhati sa Diyos at magbibigay ng pananampalataya at pag-asa sa mga tao. Kung ipagmamalaki natin ang Paninoon sa ganitong paraan, nalulugod ang Diyos sa atin at bibigyan Niya tayo ng mga biyaya sa espiritu at sa katawan.

Subalit may ilang mga mananampalatayang ipinagmamalaki ang sarili nila pero sinasabi nila na niluluwalhati nila ang Diyos. Sinasabi nilang naglilingkod sila kaya tumatanggap sila ng mga biyaya. Pinupuri nila ang sarili nila, kaya inaakusahan sila ni Satanas. Nagkakaroon sila ng mga pagsubok.

Hindi tayo magkakaroon ng buhay na walang hanggan at kasiyahan sa makamundong pagmamataas. Sa halip, nagiging masiba tayo dahil dito at dinadala tayo sa pagkawasak. Pero kung pupunuin natin ang puso natin ng pag-asa para sa Langit, magkakaroon tayo ng lakas para iwaksi ang makamundong pagmamataas natin. Pagkatapos nating punuin ang mga puso natin ng katotohanan, ang pagmamalaki at mga makamundong bagay ay mababalewala na. Parang mga laruan natin noong bata pa tayo na pinapahalagahan natin, pero kapag lumaki na tayo, hindi na gaanong mahalaga sa atin ang mga ito.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sinabi ni apostol Pablo sa Galacia 6:14, "Subalit huwag nawang mangyari sa akin ang magmalaki, maliban sa krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo." Gaya ng sinabi ni Pablo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na itataas ninyo at ipagmamalaki si Jesu-Cristo na nagligtas sa atin at nagbigay sa atin ng Langit!

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Paano Tatanggapin nang Mabilis ang mga Kasagutan
## -sa pamamagitan ng pagkilos ng Orihinal na Tinig-

"Sa Kanya na sumasakay sa langit ng mga langit, na mula pa nang una, narito,
binibigkas Niya ang Kanyang tinig, ang Kanyang makapangyarihang tinig"(Mga Awit 68:33).




Naisip na ba ninyo ang anyo ng Diyos noong pasimula? Nang pasimula, walang natatanging anyo ang Diyos pero ang buong sansinukob ay binabalot ng kaliwanagan Niya na may mataginting na tunog (basahin sa: Juan 1:1, 1 Juan 1:5). Pinamumunuan Niya ang napakalawak na sansinukob nang nag-iisa na may orihinal na liwanag at tinig. May pagkakataong naiplano Niya ang 'mangalaga ng sangkatauhan' para magkaroon ng tunay na mga anak na mamahalin Niya nang walang hanggan.

Pagkatapos, nilikha ng Diyos ang langit at lupa at ang lahat ng bagay na narito, at nangyari ang lahat ng ito sa pamamagitan ng Kanyang orihinal na tinig (Genesis 1:1-26). Kaya nakikilala ng lahat ng nilalang ang orihinal na tinig at sinusunod ito kaagad kahit na lampas pa sa ito sa lugar at panahon.

Sa Lucas18 at Marcos 10, inilarawan ang mga pangyayaring sinagot agad ang dalangin ng mga bulag dahil sa orihinal na tinig ni Jesus. Ano ba ang lihim para tumanggap ng mabilis na kasagutan?

Ang orihinal na tinig!
Ang tinig na lumikha ng araw at gabi,
ng langit at ng karagatan, at ng mundo,
mga halaman at mga puno, at ng tao!




### Dapat ninyong pagtiwalaan ito nang taos-puso

Naglibot si Jesus sa buong lungsod at nayon, ipinahayag Niya ang ebanghelyo ng kaharian at nagpakita ng tanda. Sa pamamagitan nito, pinatunayan Niya ang Salita Niya. Pinalakad at pinatalon ni Jesus ang lumpo, binigyan Niya ng paningin ang bulag, ang pipi ay nakapagsalita, at nakarinig ang bingi. Dahil sa Kanya gumaling ang mga may ketong, at lumayas ang mga demonyong sumapi sa mga tao. Pinagaling Niya ang maraming tao mula sa lahat ng klaseng karamdaman at kahinaan.

Mabilis kumalat ang mga ganitong balita, kaya palaging maraming taong nagtitipuntipon saan man Siya pumunta. Isang araw, nagpunta Siya sa Jerico at doon ay mayroong bulag na lalaking nagngangalang Bartimeo na nakaupo sa tabi ng daan (Marcos 10:46-52). Nang marinig niya si Jesus, nagsimula siyang sumigaw nang walang pag-aalinlangan.

"Jesus, Anak ni David, mahabag Ka sa akin!"

Tumawag siya nang may malakas na tinig dahil naniniwala siya na mabubuksan ni Jesus ang mga mata niya. At pagpapahayag din ito ng pananampalataya niya kay Jesus na dumating bilang Tagapagligtas na tinawag niya na Jesus 'Anak ni David'. Ang dahilan nito ay sapagkat batid ng lahat ng tao sa Israel na ipapanganak ang Tagapagligtas sa angkan ni David.

### Dapat kayong manangis sa pananalangin para matumbasan ng katarungan

Bago kumain si Adan mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, ang unang nilalang ay nabuhay mula sa mga bagay na ibinibigay sa kanya ng Diyos nang walang pagpapagal. Pero, sinuway niya ang salita ng Diyos at kumain mula sa puno. Dahil dito, nagkasala siya at naging taong makalaman na siya. Magmula noon, makakakain lang ang tao kung pagpapawisan niya ito tulad ng nakasulat sa Genesis 3:19. Ito ang katarungan ng Diyos. Dapat tayong 'magpawis' (magsikap) para tanggapin ang mga sagot mula sa Diyos.

Ipinapakita nito na dapat tayong manangis sa maalab na pananalangin nang buong puso at isipan. Gaya ni Jacob na nagkaroon ng biyaya dahil nanalangin siya hanggang sa mabali ang kasukasuan ng hita niya (Genesis 32:24-30) at ni Elias na nanalangin nang taimtim hanggang sa ilagay niya ang mukha niya sa pagitan ng mga tuhod niya para tanggapin ang sagot sa ipinapanalangin niyang malakas na ulan pagkatapos ng tatlo at kalahating taong tag-tuyot (1 Mga Hari 18:42-46), dapat din tayong manangis nang may pananampalataya at pag-ibig sa pananalangin nang buong puso, isipan, at kabanalan. Kung ganoon, mahahaplos natin ang kalooban ng Diyos kaya tatanggapin natin ang mga sagot Niya nang mabilis.

### Dapat mayroong kayong perpektong pananampalataya na hindi nagbabago

Nang sumigaw si Bartimeo, pinatahimik siya ng mga tao. Pero hindi nasaktan ang damdamin niya at hindi rin siya pinanghinaan ng loob. Sa halip lalo pa niyang inilakas ang boses niya. Dahil matatag ang pananampalataya niyang makakakita siya kapag nakatagpo niya si Jesus, ayaw niyang palampasin ang pagkakataon kahit ano pa ang sabihin ng ibang tao sa kanya. Pagkatapos, tumigil si Jesus at sinabing, "Tawagin ninyo siya."

Tulad nito, dapat din nating ipakita na may pananampalataya tayo – maalab tayong manangis habang nananalangin – kahit na ano pa ang hirap na dinadanas natin.

Sa Mateo 15 may isang babae na taga-Canaan. Tumanggap siya ng sagot dahil tinanggal niya ang pagmamataas niya at nagpakababa pa siya. Sa kabaliktaran, may mga taong hindi umaasa sa Diyos o kaya naman, nasasaktan ang damdamin tungkol sa maliliit at walang kwentang mga bagay kahit humihiling silang malutas ang malalaking problema nila.

### Kailangan ninyong sumunod at tanggalin ang 'balabal' ninyo

Nang pinalapit ni Jesus sa Kanya si Bartimeo at sinasabing, "Tawagin ninyo siya", hinagis ni Bartimeo ang balabal niya, nagmadaling tumayo, at lumapit kay Jesus.

Ang espirituwal na kahulugan ng 'balabal' dito ay lahat ng klaseng masamang puso, tulad ng pusong mapagmalaki at hambog. Ipinapakita dito na dapat nating tanggalin ang lahat ng marumi at mababahong kasalanan para makatagpo ang Diyos na banal.

Lumapit si Jesus sa bulag na pulubi at sinabi, "Ano ang ibig mong gawin Ko para sa iyo?" At sinabi niya, "Rabboni, ibig kong muling makakita!" At sinabi ni Jesus sa kanya, "Humayo ka, pinagaling ka ng iyong pananampalataya." At agad niyang nabawi ang paningin niya, sumunod siya kay Jesus sa paglalakad.

Katulad nito, dapat pagsisihan natin bawat araw ang mga kasalanan natin nang may pananampalataya kay Jesu-Cristo. Ipapaalala sa atin ito ng Espiritu at dapat tayong sumunod sa tinig Niya nang walang pagaalinlangan. Umaasa kami na magiging karapat-dapat kayo na tumanggap ng mga sagot ayon sa katarungan at matapang na sabihin ang mga hinahangad ng puso ninyo. Nawa ay tanggapin ninyo ang kasagutan kapag sinabi ng orihinal na tinig na, "Ano ang ibig mong gawin Ko para sa iyo?"

# Ang Pananatiling Banal ng Buong Sabbath, Nagdulot ng Umaapaw na Biyaya ng Diyos!

**Elder Kwanggyu Ko** (Direktor ng Research Center ng Mirae M&H)

Nagtapos ako sa kurso ng pag-iinhinyero sa Seoul National University na may bachelor's degree sa pagdidisenyo ng mga makina. Nagpakadalubhasa ako sa Pohang University of Science and Technology noong 1990. Pagkatapos noon, naging maayos ang pagtatrabaho ko sa Samsung Electronics. Ang trabaho ko ay nakatuon sa pagsisiyasat ng mga paraan kung paano mas mapagbubuti ang mga produktong inilalabas. Noong 1993, nagpakasal kami ng Punong Diakonesang Hyungjung Lee at nagkaroon kami ng anak na babae, si Gayung, at isang anak na lalaki, si Jungwoo. Noong Hulyo, 1998, nagparehistro ako sa Manmin Central Church dahil sa pananalangin at suhestyon ng asawa ko.

Sinabi ng asawa ko, na noong 5 taong gulang ang anak kong si Gayung, nakakita ito ng multo at natakot. Hindi ako naniniwala na may multo, hindi ko ito pinansin. Pero, parang naging totoo ito nang ang anak kong babae na ang nakita. Dahil dito, nagpunta kami kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at tinanggap namin ang panalangin niya. Magmula noon, hindi na nakakita ng multo ang anak ko.

Buong buhay ko, hindi naging madali para sa akin ang panatilihing banal ang buong Sabbath, pero dahil sa pangyayaring ito, naranasan kong may Diyos na buhay. Ang grupo ko sa Samsung ay palaging nagtatrabaho nang lampas pa sa itinakdang oras tuwing gabi, kung minsan, inaabot kami ng madaling-araw. May mga pagkakataong nagtatrabaho pa rin ako kapag Linggo.

Kaya sinimulan kong mas maging masipag pa sa pagtatrabaho sa buong isang linggo para mapanatili kong banal ang buong Sabbath. Wala ding naging problema sa pangkalahatang trabaho ng buong grupo. Nagpatuloy ang ganitong sistema, sa bandang huli, naparangalan ako ng grupo ko at ng kumpanya. Dahil dito, nagawa kong panatilihing banal ang buong Sabbath. Sinikap kong ibigay ang buong makakaya ko sa paglilingkod, pagsasakripisyo, at isabuhay ang Salita ng Diyos. Pagkatapos, nakamit ko ang pagkilala at narinig ko ang mga papuri at magagandang salita mula sa mga tao sa paligid ko. Napuno ako ng kasiyahan at kaligayahan.



Elder Kwanggyu Ko at ang pamilya niya

Nalugod ang Diyos sa maliliit na bagay na ginagawa ko kaya biniyayaan Niya ako. Noong taong 2000, lumipat ako sa ibang kumpanyang nagbubuo ng mga 'portable sound system'. Naging direktor ako ng sangay ng pagsisiyasat, kung saan ang grupo na nakatuon sa pagpapabuti ng produkto ay mayroong mahigit sa 30 tagapagsiyasat. Noong Oktubre, 2002, nagbigay ako ng handog para sa gawaing pang-misyon bago umalis si Dr. Lee patungo sa India para manguna sa krusadang may mahimalang pagpapagaling at pananalangin. Tinanggap ko ang panalangin niya. Sa mga sumunod na buwan, kamangha-manghang mga bagay ang nangyari sa akin.

Mula sa Minister's Award ng Ministry of Commerce, Industry at Energy noong taong 2002 Korea Technology Exposition; parangal para sa kahusayan sa larangan ng Pamamahala sa Pagdidisenyo noong 2002 Korea Design and Brand Competition; ang parangal ng Pangulo noong taong 2002 Venture Business Korea; parangal para sa pagdidisenyo noong taong 2003 sa World Design Forum; hanggang sa Technical Innovation Award noong taong 2003 Electronics Exposition, sa Estados Unidos! Tumanggap ako ng hanggang sa limang mga parangal na napakamahalaga at prestihiyoso dito sa bansa natin at sa ibang bansa. Hallelujah!

Noong Agosto 1, 2004, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para basbasan ang kumpanyang pinaglilingkuran ko. Noong panahong iyon, may ilang taon nang sinisikap ng kumpanya na mapasama sa listahan ng KOSDAQ, pero nabigo kami. Pero noong umagang tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee, nabalitaan kong matagumpay na nakasama na sa listahan ang kumpanya. Sinabi sa akin na ang pag-uusap ay nagtapos pagsapit ng hatinggabi. Nakita kong nasolusyonan ang lahat ng komplikadong problema pagkatapos ng panalangin ni Dr. Lee at naging maayos na ang negosyasyon. Magmula noong 2008, nagtatrabaho na ako para sa kumpanya ng 'wireless internet sharer development'. Sumama ako sa pananalangin sa pulong-panalanging Daniel at umasa sa Diyos sa lahat ng oras. Biniyayaan ako ng Diyos na makagawa ng mga pinakaunang bagong produkto sa buong mundo sa maiksing panahon. Naging sertipikado ang produkto sa South Korea noong taong 2009 at noong 2010, sa Rusya at Japan naman. Ang kinikita nito sa isang taon ay umaabot sa 10 bilyong won – mga 10 milyong dolyar.

Nananalangin ang pamilya ko at nagpapasalamat sa Diyos araw-araw dahil batid namin na ito ay dakilang pag-ibig ng Diyos at biyaya Niya na dalhin kami sa mahalagang iglesya at pastol. Higit pa riyan, ang ama ko, na dati ay abala sa mga minanang rituwal bilang pinakamatandang anak ng pinakamatandang anak na lalaki, ay nagrehistro na ngayon sa igleysa ko kasama ang nanay ko. Naging diakono pa siya at ang nanay ko naman ay naging diakonesa. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na gumabay sa buhay ko sa paraang pinagpala.

# "Dahil sa makapangyarihang panalangin, biniyayaan ako ng isang sanggol"

**Kapatid na Hortense Bandome** (kanan)
at mga anak niya
(Kinshasa Manmin Holiness Church, DR Congo)



Ipinanganak ako at pinalaki sa isang pamilyang Muslim. Noong 1998, nagpakasal ako at nang sumunod na taon, nanganak ako ng babaing sanggol, si Valerie. Pagkatapos noon, ipinanganak ko ang pangalawang anak pero pumanaw ito pagkatapos ng mga ilang araw. Nangyari ulit ito noong 2005. Nagpatingin ako sa ospital para alamin kung bakit nangyayari ito. Sumailalim ako sa masusing pagsusuri. Nakitang mayroon akong 'rubella virus positive' at hindi na ako pwedeng magkaanak. Noong Pebrero, 2006, dumalo ako sa krusadang may mahimalang pagpapagaling at pagdiriwang ni Dr. Jaerock Lee sa DR Congo. Tinanggap ko ang dalangin niya para sa mga may sakit nang manalangin siya sa entablado pagkatapos niyang mangaral. Agad-agad, binuksan ng Diyos ang espirituwal na mga mata ko at nakakita ako ng puting kalapati na lumipad patungo sa kanya at dumapo sa balikat niya. Nadama ko ang presensya ng Diyos at nagpasalamat at niluwalhati ko Siya habang nakikita ko ang hindi mabilang na mga taong nakapila para magbigay ng patotoo ng paggaling nila.

Noong taong 2008, nagparehistro ako sa Kinshasa Manmin Holiness Church. Naghahangad ako ng ebanghelyo ng kabanalan na nagpapakita ng totoong diwa ng Salita ng Diyos sa paraang madaling maintidihan. Binasa ko ang libro ni Dr. Lee tungkol sa patotoo niya na *PAGLASAP NG BUHAY NA WALANG HANGGAN BAGO ANG KAMATAYAN* at naantig ako nang malaman ko ang tungkol sa mga sakit niya na walang lunas pero sinunog ng apoy ng Banal na Espiritu nang sabay-sabay. Nagkaroon ako ng pananampalataya na bibigyan ng Diyos ng solusyon ang problema ko tungkol sa pagkakaroon ng anak.

Noong Abril, 2009, nagdaos ng krusada sa DR Congo. Pinamunuan ito ni Gng. Boknim Lee, Pangulo ng Manmin Prayer Center, kaanib ng Manmin Central Church. Naisip kong magandang pagkakataon ito para hilingin ang panalangin para magkaanak. Inihanda ko ang sarili ko nang may pusong umaasa. Pagkatapos ng pangangaral, ipinanalangin ni Gng. Lee ang mga maysakit mula sa entablado gamit ang panyong makapangyarihan na pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Tinanggap ko ang panalangin nang may maalab na puso. Pagkatapos, natitiyak kong magkakaroon ako ng sanggol, napaiyak ako dahil napuno ako ng pasasalamat at emosyon. Ipinagbuntis ko at ipinanganak ang anak kong lalaki, si Daniel.

Bago matapos ang 2011, nakakita ako ng apat na bahaghari na napakalinaw at napakalaki. Hindi nagtagal, nalaman kong buntis ulit ako. Nang malapit na ang petsa ng panganganak ko, nagpunta ako sa ospital. Pero nakita sa pagsusuri na ang mga magiging anak kong kambal ay nakapulupot sa isa't isa. Sinabi ng doktor ko na dapat akong isailalim sa 'cesarian' para maisalba kahit man lang ang isa sa kanila. Bago ako maoperahan, uminom ako ng Muan Sweet Water at maalab akong nanalangin nang may pananampalataya na maipanganak ko nang malusog ang kambal. Sa wakas, naipanganak ko ang malulusog na kambal, lalaki at babae. Ako ngayon ay nanay ng apat na anak, tulad ng nakita kong apat na bahaghari sa panaginip. Hallelujah!

(Ang Muan Sweet Water ay tubig na maaaring inumin. Dati, ito ay tubig-alat pero nagbago dahil sa panalangin ni Dr. Lee na mayroong kapangyarihan mula sa Diyos)

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714